

Pagbasa at Paglapit ng Anak na si Bayani S. Abadilla sa Daigdig ng Kaakuhan: Si Alejandro G. Abadilla at ang Dakilang Pagwawasak

Reading and Converging on the World of Self-Identity by the Son Bayani S. Abadilla: Alejandro Abadilla and the Great Destruction

Romeo P. Peña
Polytechnic University of the Philippines
rppena@pup.edu.ph

Sa pag-aaral na ito, tututukan ang naging pagbasa at paglapit ni Bayani S. Abadilla sa kaniyang amang si Alejandro G. Abadilla o AGA na tinaguriang rebeldeng manunulat sa kasaysayang pampanitikan ng Pilipinas at itinuturing na “Ama ng Modernong Panulaang Tagalog” sa ating bansa. Gamit ang akda ni B. Abadilla na may pamagat na “Ang Artista sa Dinamismo ng Sikohistorya” na nailathala noong 2003, naglalayon ang pag-aaral na ito na muling usisain ang ako at ang daigdig sa tulang “Ako ang Daigdig” ni AGA at muling sipatin ang kaakuhan ng rebeldeng makata na minsan nang pinagdudahan ng marami dahil tila mapang-angkin daw at nagtataglay lamang ng pilosopiyang pansarili, hindi panlipunan.

Mga Susing Salita: “Ako ang Daigdig”; Alejandro G. Abadilla; Bayani S. Abadilla; dakilang pagwawasak; modernong panulaang Tagalog

This study focuses on Bayani S. Abadilla’s reading of and converging with his father, Alejandro G. Abadilla, or AGA, who is called a rebel writer in Philippine literary history and considered the “Father of Modern Tagalog Poetry.” Using B. Abadilla’s work titled “Artista sa Dinamismo ng Sikohistorya/Artist in Psychohistory Dynamism,” published in 2003, this study aims to re-examine the self and the world in AGA’s poem, “Ako ang Daigdig,” and revisit the self-identity of the rebel poet who was once doubted by many because he seemed dominating and possessing a personal, self-serving philosophy, not a social one.

Keywords: “Ako ang Daigdig”; Alejandro G. Abadilla; Bayani S. Abadilla; great destruction; modern Tagalog poetry

PANIMULA

Makabuluhang dalumatin ang tinaguriang rebeldeng manunulat sa kasaysayang pampanitikan ng Pilipinas. Lalo na't sa pagdalumat ay susubukang silipin at sipatin ang daigdig ng kaakuhan ng rebeldeng manunulat gamit naman ang pagbasa at paglapit ng kaniyang anak. Kung sa kaakuhan ng rebeldeng manunulat nag-ugat ang sinasabing dakilang pagwawasak, malaki ang silbi nito kaya binansagang dakila. Dakila para sa maraming manunulat ngunit sa iba'y walang bisa. Sa pagdulog sa kaniyang daigdig, malawak ang kailangang saliksikin at sinupin. Kung ang daigdig niya ng kaakuhan ay daigdig din natin ng kaakuhan, nararapat lamang itong balikan at muling usisain.

Marami na rin ang nagsulputang pagsusuri kay Alejandro G. Abadilla o AGA, nagtangka ang mga ito na basahin si AGA at ang kaniyang mga akda lalo na ang tulang “Ako ang Daigdig” na naging kontrobersiyal sapagkat sinasabi na nagtatakwil daw ito sa tradisyon ng pagtula sa Pilipinas. Sa pagsusuri ni Rolando B. Tolentino, malinaw ang pagiging unibersal ng indibidwalismo ni AGA, matinkad ang kakaibang indibidwalismo ng akda ni AGA na nagdulot ng kalayaan upang maisulong ang malayang taludturan, “ang kapasidad nitong laktawan ang kaibahan ng panahon, kultura, lipunan, kasaysayan ng mga mamamayang tumatangkilik nito” (305). Para naman kay Florentino H. Hornedo, ang indibidwalismo ni AGA ay radikal na indibidwalismo sapagkat nagsulong ito ng malaking pagbabago sa tradisyong matagal nang umiiral sa panulaang Tagalog (279). Malaki ang kaugnayan ng sinabi ni Hornedo sa pagsusuri ni Epifanio San Juan Jr. dahil umuugnay rin ito sa tinutukoy na radikal na indibidwalismo na nagampanan ni AGA na nagdulot ng pagbabago sa tradisyonal na panulaan, ani San Juan, “Sa istorikal na pagtimbang, ang pagtutol ni AGA sa labis na pagka-alipin sa praktikang kumbensiyonal ng sining ay sintomas lamang ng tradisyong mapanghimagsik sa kasaysayan ng lahi” (89). Samantala, si Victor Emmanuel Carmelo D. Nadera Jr. ang sumipat sa kaakuhan ni AGA sa paraan kung paano isinalaysay nito ang kasaysayan ng literaturang Filipino sa pamamagitan ng ibang puntodebista (257). Nilinaw ni Nadera na ang ako sa kabuuan ay hindi lamang tumutukoy sa iisang tao kundi sa pagiging kolektibong katangian nito (258). Dagdag pa niya, tinawag ni AGA na “kaakuhan” ang pamanang pagpapahalaga sa identidad na kailangan ng mga

Filipinong biktima ng globalismo na kasingkahulugan din ng kolonyalismo (Nadera 258). Sa kabilang banda, sa mga babaeng nagtangkang suriin si AGA, maliban sa pag-aaral ng madreng si Donatilla Cruz noong 1972 na nakatututok sa pilosopiya ng ako ni AGA, sinuri naman ni Rebecca T. Añonuevo si AGA sa pagtatanong kung intensiyon ba ni Abadilla ang pagkawala ng tinig ng babae sa kaniyang mga tulang erotika (328). Binanggit ni Añonuevo na, “Ang enerhiya ng babae ay walang pangalan sa kanyang mga tula, di pinangalanan ngunit umiiral, kumikilos, at nag-uudyok sa kanyang panulat...Ang totoo'y walang pangalan dahil walang iisang pangalan” (328). Dito nakita ni Añonuevo na ang ako ni Abadilla ang siyang naghahantad ng unibersal na pagpapangalan sa mga tula ng makatang rebelde (328). Bilang panghuli, ang tingin naman ni Bienvenido Lumbea sa “Ako ang Daigdig” ay ganito, “Nang ilathala ng Liwayway ang tulang ‘ako ang daigdig’ ni Alejandro G. Abadilla, ang ‘bagong’ akda ay umiba sa ‘lumang’ tulang Tagalog—isinulat ito sa bersong walang sukat at tugma, ang nilalaman ay waring isang pagyayabang ng makata, at ang paglalaro nito sa mga salita ay nagpamalay na nakapagpapayaman sa kahulugan ng isang tula hindi lamang ang mga indibidwal na salita kundi pati ang palaugnayan ng wikang Tagalog” (173). Napansin niya na ang kayabangan at paglalaro ng salita ni AGA ay hindi nagtutulak ng negatibong tindig ngunit nagbibigay ng kamalayan at nagdulot pa ng ibayong pagtuklas sa salita't sintaks na ginagamit sa pagtula at sa huli'y maaaring kilalaning “bagong” akda (Lumbea 173).

Subalit, iilan pa lamang ang sumipat sa nagawang pagsusuri ng sariling anak ni AGA, na isa ring manunulat—si Bayani S. Abadilla. Noong 2003 nailathala sa isang journal ang isang akda ni Bayani Abadilla na may pamagat na, “Ang Artista sa Dinamismo ng Sikohistorya” (2003). Sa naturang akda, tinalakay ni Bayani Abadilla ang tulang “Ako Ang Daigdig” na likha ng rebeldeng makata ng panitikan—ang kaniyang amang si AGA.

Sa pag-aaral na ito, tututukan ang pagbasa at paglapit kay AGA ng kaniyang anak. Hindi layunin ng papel na ito ang muling mangwasak kundi usisain ang masasabing naging dakilang pagwawasak ni AGA. Naglalayon din itong muling usisain ang daigdig na binabanggit ni AGA at sipatin ang kaakuhan na minsan nang pinagdudahan ng marami dahil tila mapang-angkin daw at nagtataglay lamang ng pilosopiyang pansarili, hindi panlipunan.

Si Alejandro G. Abadilla o AGA

Ininilang si Alejandro Garcia Abadilla sa baryo Sapa, Rosario (Salinas), Cavite noong Marso 10, 1906. Ang mga magulang niya ay sina Agustin Abadilla at Cecilia Garcia. Nag-aral ng elementarya sa Sapa Barrio School at sa isang pampublikong mataas na paaralan siya nagtapos, batay sa mga tala ni Efren R. Abueg, maaaring ito’y sa Cavite High School sa Caridad, Cavite Puerto (Abueg 118). Ayon kay Valerio L. Nofuente, isang araw noong 1926, sa hindi natiyak na dahilan ay napagalitan si AGA ng kaniyang ama at ito ang naging dahilan niya upang maglayas at maghimagsik (177). Kumuha ng pera buhat sa napagbilhan sa tablerya at ginamit ang pagkakataong iyon na hanapin ang ningning sa Estados Unidos, sumakay ng bapor patungong Amerika at napadpad sa Seattle, Washington at doon nagtrabaho siya sa isang maliit na imprenta (Nofuente 178). Bumalik sa Pilipinas at humingi ng tawad sa ama at muli siyang pinag-aral at nakatapos ng Batsilyer sa Pilosopiya sa Unibersidad ng Sto. Tomas noong 1931 (Nofuente 180). Dagdag pa ni Nofuente, hindi niya lubusang nagamit ang kaniyang pinag-aralan sapagkat hindi naglaon ay naging politiko siya—naging konsehal ng Salinas (185).

Sa pagsasalaysay ni Efren R. Abueg, noong nag-aaral si AGA sa UST ay naging regular ang pagsusulat niya sa Varsitarian at ang pagpapadala niya ng akda sa *Liwayway* (118). Hanggang sa naging kagawad siya sa *Liwayway* noong nakapagtapos na siya ng pag-aaral (Abueg 118). Batay pa kay Abueg, bago pa man pumalaot nang husto sa mundo ng panitikan si AGA ay naging ahente muna siya ng seguro (insurance) at napangasawa si Cristina Singalawa at nagkaroon sila ng walong anak, ang isa nga rito ay naging manunulat din—si Bayani S. Abadilla (118).

Kung uungkat in ang kasaysayan kung sino si AGA o Andoy sa mga kakilala’t kaibigan, para kay Abueg, isa si AGA sa mga nangaunang manunulat ng Cavite, hindi siya pangkaraniwang tao lamang, dekalibre at kilala siyang rebelde sa kaniyang mga akda (118). Siya ang unang modernistang pinintasan, pinagtalunan, ngunit minahal at iginalang sa Panulaang Tagalog (Abueg 118). Ayon naman kay Bienvenido Lumbea, “*Alejandro G. Abadilla was appalled as a young poet in 1940 by what he perceived to be the emptiness of much of the verse being written by his elders*” (241). Para kay Francisco Arcellana, “*Alejandro G. Abadilla,*

is unique among Filipino poets, he bears the same relation to Filipino poets that Walt Whitman had to his contemporaries” (48). Sa pagkakakilala naman ni Virgilio S. Almario, isang huwarang rebelde sa panitikan si AGA, magkalangkap ang naging buhay, pagkatao, at akda niya tungo sa kaniyang bisyon ng isang makabagong makata at ng napapanahong tula (139). Batay naman kay Cirilo F. Bautista, si Abadilla ay isang salamangkero, sa tunay na kahulugan ng salitang ito, ginalugad niya ang guniguni ng mga mambabasa upang mabuksan ang kanilang isipan sa mga bagong karanasan at katunayan; ginugulo niya ang pag-iisip ng mga ito upang umisip ng katotohanang kahit hindi niya ipinapakita ay makikita nila (xi). Mula naman sa kasamahan niyang si Pablo R. Glorioso, si AGA ay waring isang bulalakaw na dumaan at nagbigay-liwanag at nag-udyok ng himagsikan sa panulaang Tagalog (6). Dagdag pa ng isang kasamahan niyang si Teodoro A. Agoncillo, sa kalipunan nilang mga panitikero noong bago magkadigma ay kinikilalang henyo si AGA, wala pang gaanong naisusulat na mga akdang maaaring makipagtagalan sa panahon, ngunit ang kaniyang mga gawi ay waring palatandaan ng kaniyang pagiging henyo, ito ang palagay ng nakararami kay AGA (“Sit...Sat SI AGA,” pabalat na pahina).

Si Bayani S. Abadilla at Ang Paglapit Niya kay AGA

Bihira ang pagkakataong basahin ng anak ang kaniyang ama. Lalo pa’t ang ama ang kinikilalang Ama ng Modernong Panulaang Tagalog. Tiyak na napakahirap sa isang anak na ipaliwanag ang ilang nagawa ng ama. Ngunit nagawa ito ng anak, sa kaniyang akdang “Ang Artista sa Dinamismo ng Sikohistorya” (2003), masusing nilinaw rito ng anak ang *Ako* at iba pang bagay sa tulang “Ako Ang Daigdig” ng kaniyang ama na tinaguriang Ama ng Modernong Panulaang Tagalog—si AGA.

Napikot ng pluma ang isa sa walong anak ni AGA na nagnangalang Bayani S. Abadilla o mas kilala sa nakagawiang bansag na Ka Bay ng mga kasamahan at kaibigan. Sa paglalarawan ni Bayani Abadilla sa kaniyang sarili, siya raw ay naging tao sa iskuwater, hindi niya inasam na maging manunulat sapagkat gusto niyang maging abogado (“Sigliwa Kamao,” pabalat na pahina). Sa kaniyang palagay, apelyido niya ang may kagagawan kung bakit humawak siya ng pluma, naging peryodista’t lumikha ng tula, kuwento at

sanaysay, kinalauna’y naging guro ng wika at panitikan (“Sigliwa Kamao,” pabalat na pahina). Kahit napikot lamang ng pluma, hindi nagsisi si Bayani Abadilla, malaki ang naging pagpapahalaga’t pagmamahal niya sa pagsusulat, para sa kaniya, “Kahit napikot lang ako, mahal ko na ang pluma. Sapagkat sa kanya ako nagpapakatao. Kahit niya ako sinasaktan, ginigiba ang mga piyesa ko sa katawan, mahal ko siya. Nagbabayad-atraso na nga ako sa kanya. Sinisinop ko na ang pagsusulat” (“Sigliwa Kamao,” pabalat na pahina).

Ngunit para sa isang anak, bukod sa pagiging ama ni AGA, ganito ang malalim na pagkakakilala ni Bayani Abadilla sa kaniyang ama, “Ang makata na marubdob ang pagpapahalaga sa pagkatao o angking sarili ng sambayanang Pilipino. Napatampok bilang rebeldeng makata sa literatura lalo na sa Parnaso ng Bayan, hindi dahil lamang sa kabaguhan ng kanyang obra/tula” (10). Isa itong patunay na hindi lamang kilala ni Bayani Abadilla bilang ama si AGA, kundi kilala rin niya ang ama bilang manunulat ng bayan at kilala niya rin ito sa pagiging makata kaysa kuwentista at nobelista (11). Malaking impluwensiya si AGA upang mas manaig kay Bayani Abadilla ang pagtula dahil ganito ang kaniyang pag-amin, “Tula ang sayad ng ulo ko. Kasi, malapot-malagkit ang tula sa sensibilidad. Mahirap akong “sukatin”. Kasi, hindi domestikado ang utak ko” (11).

Sa mga kakilala, lutang din ang pagiging makabayan, progresibo at mapanghimagsik ni Bayani Abadilla (Ordoñez vii). Wika nga ng isang malapit niyang kaibigan at kasama na si Rogelio L. Ordoñez, “nahubog ang kaniyang kaisipan at paninindigan sa piling ng kapwa niya maralita at itinuturing “na mga layak ng lipunan” ng mga naghahari-harian, gayundin, masugid siyang nakisangkot sa mga kilusang makabayan at progresibo lalo na noong dekada ’70” (vii). Naimpluwensiyahan ni AGA si Bayani Abadilla, dahil ayon sa pag-aaral ni Pedro L. Ricarte, si AGA ay naghimagsik din sa “buong lawak ng buhay” (335). Dagdag pa ni Ricarte “pinuwe niya ang magandamasungit-at-‘aliping’ buhay, tinuligsa niya ang mapanlinlang na ‘demo-kapitalismong’ buhay, humingi rin siya ng aksiyon upang matamo ang kalayaang pangkabuhayan” (335). Nakilala ni AGA na ang “ako” niya ay sandatang hindi niya maipagtatagumpay sa pakikisangkot, manapa’y kailangan ang pagbubuklod ng mga “ako” (Ricarte 335). Maliban sa pagiging progresibo ni Bayani Abadilla, nangibabaw rin ang kaniyang pagiging makata, batay rin sa obserbasyon

ni Ordoñez, “hindi matatagpuan sa tula ni Ka Bay ang nakaugaliang lirisismo at maindayog na mga linya o paglalaro sa metapora at pagkakabartolina sa sukat at tugma. Sa halip, ang mga tula ni Ka Bay ay “hilab ng poesiya, hinagpis-himagsik ng masa ang likhadiwa sa mga estropa” (vii). Kung hindi masusumpungan sa mga tula ni Bayani Abadilla ang sukat at tugma, malaki kaya ang epekto sa kaniya ng nagawang pagwasak ng kaniyang ama sa tradisyon ng Panulaang Tagalog kaya ganito ang paraan ng kaniyang pagtula?

Isang mahalagang maitanong sa anak ang kaniyang palagay kung bakit winasak ng kaniyang ama ang nakasanayang sukat at tugma? Nasagot naman ito ni Bayani Abadilla sa kaniyang artikulo. Paliwanag niya, “Kinagisnan ni AGA ang parnaso ng bayan na masiglang nagluwal ng mga tulang nasa likhahuwaran ng sukat at tugma. Ito ang nakagawian. Ang birtuso ng mga makatang artistang ortodoksiya ay pawang “nakapeke” sa rima ng tugmang sukat na sukat ang bagsak ng mga tunog ng silabikasyon. Ayaw iyon ni AGA. Iyon ay dakilang pagwawasak” (3–4). Paglilinaw nga ni AGA, “ang pagwawasak na iyon ng mga makabago ay makabuluhan, kaya mapaglikha at sapagka’t mapaglikha kung kaya dakilang pagwawasak” (112).

Kahit nasa malayang taludturan din ang naging paraan ng pagtula ni Bayani Abadilla, tiyak na nahirapan din siyang basahin ang tulang “Ako ang Daigdig” tulad ng pagsisikap ng iba pang manunulat. Pero sa huli, nagawa niya ito at naipalathala niya ang manuskrito. Bagama’t nailathala, marahil hindi ito nakaabot sa maraming mambabasa lalo na sa mga panitikero ng bayan. Hanggang ngayon, hindi pa siguro nailalagak ang kopya ng journal sa mga aklatan ng iba’t ibang unibersidad dahil naging limitado lamang ang kopya ng journal na ito at wala pang onlayn na plataporma noon kaya hindi pa naisasama bilang isa sa mga sanggunian ng mga nagsuri kay AGA. Ngunit sa pamamagitan ng papel na ito, ibubukas ang pagkakataon upang magamit at ilangkap ang naging pagbasa ng anak sa kaniyang ama.

Sa pagsusuri ni Bayani Abadilla sa kaniyang ama, tatlo ang naging pangunahing lundo ng kaniyang pagbasa. Una ang pagtingin sa mga salitang *ako* at *daigdig* sa tulang “Ako ang Daigdig.” Pangalawa ang pagbasa mismo sa “Ako ang Daigdig” at ang diwa at reyalidad na nakapaloob sa tulang ito. At panghuli, ang hinggil sa tula o likhang sining.

Ang Ako at ang Daigdig sa tulang “Ako ang Daigdig”

Unang tinangkang linawin ni Bayani Abadilla ang salitang *ako* sa tulang “Ako ang Daigdig.” Ang salitang *ako* na itinuring niyang tayutay batay sa dimensiyon ng agham at sining na saligan ng karunungan. Ang *ako* aniya, “Isang seymotikong kategorya ang tayutay na paksang-diwa (ubod ng tema) sa maalusyong talinghaga ng makata. Sa anyong metapora sa taludturan ng Ako ang Daigdig, ang *Ako* sa katuturang sintaktik ay kakintalan ng masaklawing dimensiyon ng sining o tula sa batas ng buhay” (B. Abadilla 1). Mahirap pa ring unawain, subalit nagbibigay ito ng ilang paglilinaw na ang *ako* ang ipinagdidiinan bilang paksang-diwa sa tula ni AGA. Dugtong pa ni Bayani Abadilla, “Hitik sa mga implikasyon o mga imperensiya ang *Ako*” (1).

Kung tutuusin, marami na ring pagsusuri ang nagsabing napakahiwaga ng *ako* sa tula ni AGA. Ang paliwanag ni Hornedo sa *ako* o “*I*” sa Ingles, “*I is the awareness of the presence of the world, and of the presence to oneself that makes me know that I am not something but someone. A who, not a what “I” is “consciousness of” as today’s expression would put it*” (279). Sa pagkilatis naman ni Patrocinio V. Villafuerte sa salitang *ako* ng makatang si AGA, ganito ang kaniyang sinabi, “Ang *Ako* sa tula ay ang makata. Isang pananagisag ng kaluluwang buhay, ng kaakuhang sarili at buo, ng kapangyarihang hindi kayang igupo ng alin mang lakas maging ng materyal o ispirital” (200). Samakatwid, kung susundan ang mga binanggit nina Bayani Abadilla, Hornedo, at Villafuerte, mananatili ang salitang *buhay* para sa salitang *ako*. Ang *buhay* na masasabing dalisay na nagiging pinto ng *ako* na inuulit-ulit sa tula gaya ng salitang *tula* at *daigdig* na nagbibigay ng bisa ang paiba-ibang diwa nito sa takbo ng tula. Sa tingin nga ni Virgilio S. Almario, “Nakapaloob sa tula ni Abadilla ang tunggalian at pagkakaisa ng “makata” at “lipunan” na kinakatawan ng “ako” at ng “daigdig.” Napisidhi pa niya ang ganitong tunggalian sa pamamagitan ng pagsasalungatan ng mga sangkap na panandalian at pangmatagalan, makitid at masaklaw, o kaya’y mahina at matatag” (140).

Sa pagbibigay-kahulugan ni Hornedo sa isa pang mahalagang salita sa tula, ang *daigdig* o “*world*” sa Ingles. Aniya, “*World in Philosophy is not the aggregate of physical objects such as continents and*

islands, oceans and rivers, stars, planets, and what are called “forces of nature.” World is a code for the totality of recollected experience and presences to consciousness” (279). Sa sinabing ito ni Hornedo, ang tinutukoy na *daigdig* ay hindi pisikal lamang na anyo na gaya ng nakikita ng mga mata. Ang *lipunan* ay kinakatawan ng *daigdig* ayon kay Almario. Na batay kay Hornedo, ang *daigdig* ang kabuuan ng tinipong karanasan at kamalayan. Nililinaw nila na mayroong karanasan at kamalayan sa *daigdig* o *lipunan* na binabanggit sa tula. Mula rito, maiuugnay ang bahagi ng pagsusuri ni Bayani Abadilla kay AGA na ganito ang sinasabi, “Ang pananaw at kamalayan ng makata (si AGA) ay tandisang binibigyang anyo sa kapaligirang sikohistorikal, ito ang tradisyon ng sensibilidad ng sosyedad. Intrinsikong bahagi ang sensibilidad ng kamalayang panlipunan. Mabulas ang kamalayang panlipunan. Ang kabulasan ng kamalayan na kusang tumitining, sa esensiyal na kilatis, ay ideolohiya” (2). Kung gayon, paano na kung walang kamalayan sa lipunan o sa *daigdig*? Paano nawawalan ang *sarili* o ang makata ng sensibilidad sa sosyedad o lipunan? Kung uungkat in ang mga tula ni AGA, ang termino niya sa walang kamalayan o *unconscious* sa Ingles ay *kawalmalay*. Makatwirang banggitin ang pagsipat ni Michael M. Coroza sa *kawalmalay* at *sarili* ni AGA. Ganito ang kaniyang pagsipat, “Nasa pagkilala, kung gayon, sa “*kawalmalay*” at “*sarili*” ang makatarungang pagbasa kay Alejandro G. Abadilla. Dito dapat mag-uumpisa ang sinumang ibig kumilala sa kaniya” (297).

Ang “Ako ang Daigdig” at ang Diwa at Reyalidad na Nakapaloob sa Tula

Sa isang *daigdig*, ang *sarili* ang dapat na *daigdig* (A. Abadilla 49). Tunay na sa “Ako ang Daigdig,” ang makata ang mayroong kamalayan sa lipunang kaniyang ginagalawan (B. Abadilla 4). Ang makata ang naghahawan sa masukal na landas kung ayaw na niyang maging masukal pa ang landas na lalakaran (A. Abadilla 110). Pagkat siya mismo ang gumagalaw sa kaniyang *daigdig*, nagiging isa ang makata at lipunan o ang *daigdig* at *ako* na nakapaloob sa tula ni AGA. Patunay ni E. San Juan, Jr. patungkol dito, “*Ako ang Daigdig, proclaims the poet Abadilla in the beginning, just as the mythical creator ab initio brought forth light by speech and named the things of the universe. The poet creates his own world by the grace of his vision, of his fateful and fatal power to*

conceive order as well as chaos within the compass of his art.” Ganito rin ang naging pagtanaw ni Gary C. Devilles dito, “Ang unang linya pa lamang ng tulang Ako ang Daigdig ay nagsisilbing deklarasyon na ng kanyang digma hindi lamang sa mga balagtasista kundi sa mismong espasyo na nagtatakda sa persona o makata. Hindi sinabi sa tula na “ako ay nasa daigdig” kung saan itinatakda ang persona sa isang tiyak at tumpak na mga hangganan. Ang deklarasyon na “ako ang daigdig” ay malinaw na paghiwalay at pagtiwalag sa dimensyon ng panahon at espasyo. Hindi na ako makukulong at ipinangangalandakan ko ang ganap na kalayaan ng tao, ang kanyang atas na dapat niyang yakapin bilang batayang prinsipyo, ang pagiging isa ng daigdig at sarili” (320). Kung susundan si Devilles, hindi lalayo ang pangalawang lundo ng pagsusuri ni Bayani Abadilla sa pagiging isa ng daigdig (lipunan) at sarili (makata) na tahasang binanggit sa tula ni AGA. Batay kay Bayani Abadilla, “Ang birtuso ng makata na nakalapat sa mga taludturan ng tula ay tandisang sumasalamin sa artistikong ideolohiya ng manlilikha. Anumang nasa isip ng indibidwal ay likha ng kanyang lipunan” (9).

Kung tutuusin, malakas ang loob ni AGA sa pagdedeklara na iisa ang daigdig at sarili bilang manlilikha, kaya nasabi ni Cirilo F. Bautista ang ganito, “Nang sabihin niyang “Ako/ang daigdig/ako/ang tula/ako/ang daigdig/ang tula/ako/ang daigdig/ng tula/ang tula/ng daigdig,” ito’y hindi isang pagyayabang kundi pag-amin lamang na malawak at makahulugang sining ng makata, na walang hangganan o bubong. Ito rin ay isang pagtanaw sa pagkakaisa ng pagkakakilanlan (identity) ng tula at ng makata. Ang tula ay ang makata, at ang makata ay ang tula” (xi). Lilikha si AGA batay sa alam niyang daigdig dahil siya mismo bilang makata ang daigdig sa “Ako ang Daigdig.” Ayon nga kay Jose Villa Panganiban, “nakalikha si AGA ng isang daigdig—daigdig ng ako, daigdig ng tula, daigdig ng kaakuhan sa tula at ng tula sa kaakuhan, daigdig ng tulang madaigdig at ng daigdig na matula” (22). Para naman kay Efren R. Abueg, “ang diyos ni Abadilla ay Makata: ako ang daigdig ng tula. May tatlong katawan (persona) ang kaniyang diyos, ang Makata: ako, daigdig, tula” (xii).

Narito ang ilang bahagi ng tula (Abadilla 49):

ako
ang daigdig

ako
ang tula

ako
ang daigdig
ang tula

ako
ang daigdig
ng tula
ang tula
ng daigdig

ako
ang walang maliw
ang walang kamatayang ako
ang tula ng daigdig

Sa patuloy pang pagbasa ni Bayani Abadilla sa kabuuan ng tulang “Ako ang Daigdig,” tinukoy niya na naging arketipo ang tulang ito ng mga tulang nabuo sa malayang taludturan o berso libre (3). Dagdag pa niya, “Giniba ng tulang ito ang umiiral na pamantayang-diwa sa sining ng likhadiwa” (B. Abadilla 3). Pagkaraan ay itinayo ni AGA ang “kubo” na naging monumento sa Panulaang Tagalog (B. Abadilla 3). Sa korelatibong larawang diwa, inihayag daw ng kaniyang ama ang depinitibong kahulugan ng tula (B. Abadilla 7). Dagdag pa ni Bayani Abadilla, malawak at malalim ang pakahulugan ng kaniyang ama sa tula—kapag nilimi ang anggulong estetikal sa esensiya ng Ako ang Daigdig (7).

Sa ilang nanuligsa kay AGA, inilangkap nila ang larangan ng pilosopiya sa pagbasa ng “Ako ang Daigdig,” tahasan ngang tinuran ni Clodualdo Del Mundo na, “Ang *Ako ang Daigdig* ay isang maputlang larawang-diwa sa berso ng isang namimilosopiya. Ang *Ako ang Daigdig* ay hindi tula. Manapa’y naglalaman ito ng isang pilosopiyang sinulat nang paberso” (138). Mapapansing hindi tanggap ni Del Mundo bilang tula ang “Ako ang Daigdig,” sa pakiwari niya, ito lamang ay pilosopiyang sinulat nang paberso. Mabigat dalhin ang ganitong pahayag lalo na’t ang sumulat o ang makata ay nakasusulat na noon ng mga mahuhusay na tula at sanay rin si AGA sumulat ng tulang may sukat at tugma (Abueg 119). Ngunit sa palagay naman ng tulad ni Hornedo, kahit ito’y may kaugnayan sa pilosopiya, kinakitaan naman ito ng pagiging tunay na tula, sa katunayan ito raw ay “poetic” hindi berso lamang gaya ng ipagdiin ni Del Mundo. Ani Hornedo, “*Ako ang*

Daigdig is a poetic distillation of basic philosophical ideas about the human person as AGA must have learned in the Philets curriculum of his day” (278). Ngunit matapos ideklara ni AGA na *ako ang daigdig*, mayroong naging pangangailangan para kay Devilles, “Kailangang isakonteksto ngayon na ang deklarasyon na *ako ang daigdig* ay lagi’t laging sinusundan ng *ako ang tula*, kung saan ang imahinasyon, pantasya, kuwento, estetika na mga sangkap sa panulaan ay mabisang sangkap din sa pagliligwak ng mga *ne plus ultra*” (320). Idiniin na mahalaga *ang ako ang tula* na kasunod ng *ako ang daigdig*, na ang mahalagang salita matapos ng mga salitang *ako* at *daigdig* ay ang salitang *tula*. Sa pakiwari ng mga naunang nagsuri, mahalaga ang tatlong salitang ito dahil ito ang susi sa pag-unawa sa nilikha ni AGA.

Ang Tula

Kung ang pakikitinggan mismo ay si AGA kung ano ang tula, ganito ang kaniyang pagpapakahulugan, “Ang tunay na tula sa alinmang wika, sa katotohanan, ay walang batayan maliban sa kakayahan ng makata sa pagpapahayag ng kanyang sarili, ng kanyang katauhan, ng kanyang kaisahan” (32). Samakatwid, kung ang tula para kay AGA ay pagpapahayag ng sarili, katauhan at kaisahan ng makata, sumasang-ayon ang naging pagpapakahulugan dito ni Florentino H. Hornedo. Ayon sa kaniya, “A poem, therefore, is the organized dynamism of my perceptions, sensations, feelings, recollections, and responses occasioned by my encounter with others and with my awareness of myself” (Hornedo 279). Sa pagpansin naman ni Cirilo F. Bautista, sinabi niyang ang tula ay hindi lamang isang katotohanan ng teksto kundi isa pa ring walang katapusang pag-aayos ng teksto (xi). Dagdag pa niya, sa liwananag ng ganitong kaisipan, makikitang ang isang tula ay walang tunay na katapusan, kahit ito ay tapos na at nakalimbag na sa aklat, dahil ito ay palagiang nagbabago, sa anyo at sa kahulugan (Bautista xii).

Sa pananaw naman ng isa sa matitinding kritiko ng “Ako Ang Daigdig” ni AGA na si Clodualdo Del Mundo na nagsabing hindi tula iyon dahil ang tunay raw na tula ay ganito, “Ang tunay na tula ay kailangang matigib sa damdamin, kinakailangang managano sa kabuuan nito sapagka’t kung hindi mapupuno sa damdamin, kailanma’y hindi maaaring mabitag sa mga taludtod nito ang isang kagandahan. At ang

gandang kinakailangang mabihag ng mga taludtod at mga parirala sa isang tula’y yaong nakapupukaw sa isang banal na damdamin. Iyan ang tunay na tula: nananagano sa masidhing damdaming gumigising sa kabanalan ng isang panimdim” (1). Kung gayon, magkatulad ang pananaw ni Del Mundo at ng isa pang kritiko ni AGA na si Iñigo Ed. Regalado tungkol sa kahulugan ng tula, winika niya sa pagtatalo nila ni AGA na nailathala sa *Liwayway*, “Ang tula ay singkahulugan ng ganda, sapagka’t ang tula ay kagandahan” (4). Pagdidiin pa niya na, “anuman ang nakapaloob sa tula,—sapagka’t ang isang tula’y dapat kapalooban ng damdamin, ng guniguni, ng kaisipan at ng iba’t iba pang bunga ng mga panimdiming nahahango ng paningin at ng liris ng makata sa katalagahan—kung di naihalalayhay ng buong ganda ay hindi maituturing na tula” (Regalado 4).

Taliwas sa pagpapakahulugan nina Del Mundo at Regalado, ang tula batay kay B. Abadilla ay ganito, “ang tula, bilang disiplina, sa sining ng likhadiwa ay organikong bahagi ng sikohistorya. Samantala, ang kamunduhan ng sining ay obhetibong humihilab sa pulso ng kagandahan o sidhi ng estetika. Nakasanib sa siklo ng kapalaran ang kagandahan” (1). Kung susuriin ang konsepto ng kagandahan sa pagpapakahulugan nina B. Abadilla, Del Mundo at Regalado, magkaibang-magkaiba ito. Para kina Del Mundo at Regalado ang tula ay kagandahan, na kung lilimiin na ang mismong likha ang nagpapakilala ng ganda. Samantala, para kay B. Abadilla, nakasanib ang kagandahan sa siklo ng kapalaran, masasabing hindi mismo ang tula ang kagandahan (1). Kung sisipatin pa nang masinsinan, ang kamunduhan ng sining ay obhetong humihilab sa pulso ng kagandahan (B. Abadilla 1). Samakatwid, hindi ang sining ang tinutukoy na kagandahan kundi ang daigdig ng sining ang pinagmumulan ng kagandahan. Ipinagdidiinan ni B. Abadilla na ang kagandahan ay kahalagahang sosyo-historikal na kinatatampukan ng totoo, mabuti at maganda sa kaluwalhatian ng pagpapakatao sa simbuyo ng kasaralang ibinubugso ng kalayaan (2).

Ang Dalumat sa Kaakuhan

Kung dadalumat ang salitang *kaakuhan* ni AGA, may binabanggit si Virgilio S. Almario na, “pagpapagitaw sa dalisay na kaakuhan na nangangahulugang pagpapalaya” (140). Dagdag pa ni Almario, ang pagpapagitaw sa dalisay na kaakuhan

ng makatang si AGA ay kahina-hinayang sapagkat itinuring lamang na pagpapalabas ng eksentrisiti—maging iyo’y kayabangan o kabaliwan—ng mga kabarkada at maging ng mga sumunod na kritiko ni AGA (140). Ang pagpapalaya raw ng kaakuhan sa buhay at tula ni Abadilla ay pinahalagahan lamang bilang halimbawa ng “kahenyuhan” o “naiibang lipad ng utak” ng makata at may naghinala rin daw na senyal ito ng umiiral na sobrang indibidwalismo kundi ma’y likas na tunguhing anarkista ng isang makatang modernista (Almario 140). Binanggit pa ni Almario na ang ganoong “kakuwanan” daw ni Abadilla sa loob at labas ng panulaan ay pagpapanukala na ng isang uri ng sisteng naiiba sa gawain ng sinundang mga makata (140). Mula rito, mahihinuhang ang kaakuhan ni AGA ay pagpapalaya. Pagpapalaya sa nakagisnang paraan ng pagtula. Ginamit niya ang kaakuhan upang gisingin ang diwa ng mga naunang makata sa makabagong paraan ng pagtula na hindi na maaaring hadlangan ng tugma’t sukat na kumikipil sa kalayaang maglulan ng diwa’t kaisipan. Hindi nakatuon sa indibidwalismo ang pagpapalaya rito gaya ng bintang ng mga kritiko ni AGA sapagkat ang punto ng pagpapalaya o kaakuhan dito ay para sa daigdig o lipunang kinapapalooban ng katunggakan. Samakatwid, ito ang kaakuhan ni AGA.

Ang Dakilang Pagwawasak ni AGA

Mali ang mga kritiko ni AGA sa pagsasabing hindi tunay na tula ang “Ako ang Daigdig” at hindi siya makata sa tulang “Ako ang Daigdig” sa dahilang winasak daw nito ang kombensiyon ng tulang Tagalog na may sukat at tugma at malabnaw ang inihahaing damdamin nito. Hindi nagpadaig si AGA, hindi natinag sa pagsasabing wala sa pagkakaroon ng sukat ni tugma ang tunay na tula. Katwiran nga ng anak na si B. Abadilla, sadyang kakaiba ang konsepto ni AGA sa tula na umiiral na panuntunan at/o pamantayan na sukat at tugma ang nagtatakda sa kaanyuan ng tula (9). Sa paratang ni Del Mundo na, “ang gandang kinakailangang mabihag ng mga taludtod at mga parirala sa isang tula’y yaong nakapupukaw sa isang banal na damdamin” (138). Tugon dito ni AGA, “Wala rin sa pag-abuso ng kakawag-kawag na damdamin sa kalayaan ng pagpapahayag. Ang tula ay tula sa kabila ng anumang sukatang ginagamit ng diumano’y makabago o makaluma. Ang daloy o ritmo sa tula ay siyang mahalaga—hindi yaong daloy na panlabas kundi yaong daloy na panloob. At ang daloy na panloob

ay ang pagkakaisa at natural na pagkakasundo ng kulay, tinig, at hubog ng damdamin ng makata, sa isang dako, at ng mga salita bilang sangkap o mabisang sangkap sa pagpapahayag ng kagandahan, sa kabila, tungo sa ikapagkakahulugan nito sa damdamin ng babasa” (26). Sa ganitong mga punto, malinaw kay AGA ang ginawa niyang dakilang pagwawasak.

Kongklusyon

Bihirang basahin ng anak ang kaniyang ama subalit nagawa ito ni B. Abadilla. Nagawa niya dahil natutuhan niyang mahalalin at tanggapin ang panulat gaya ng sa kaniyang ama. Sa una at huling pagkakataon na binasa niya ang ama, naglinaw siya nang husto sa tulang “Ako ang Daigdig” ng kaniyang ama. Sa panig ng katotohanang obhetibo-korelatibo, nilinaw niya sa bandang huli na, “Birtuwal na reyalidad sa kaangkinang Ako ang Daigdig na nakaugnay sa emperikal na reyalidad ng pamumuhay ng lahi sa panahon ni AGA ang artistikong perspektiba ng tula. Samantalang ang larawang diwa ng ako, daigdig at tula—sa katuturan ng likhang sining, ang ako ay sumasagisag sa katauhang kultural ng lahing kayumanggi, panauhan ito na personal plural at hindi indibidwal; ang daigdig ay katalagahang kultural na kinaroroonan ng kaakuhan, samantala ang tula ay signipikasyon ng kaisahan ng katauhang sosyal at kamalayang panlipunan o kalinangan” (9). Sa paglapit na ito ni B. Abadilla, napakalinaw sa kaniya bilang anak na mapaglikha ang dakilang pagwawasak na ginawa ng kaniyang ama para sa kaisahan ng katauhang sosyal at kamalayang panlipunan. Sa pagbasa ng anak, hindi pilosopiyang pansarili lamang ang bitbit ng akda ng kaniyang ama, kundi sumalok si AGA sa batis ng kaakuhan na may layuning mapagpalaya.

SANGGUNIAN

- Abadilla, Alejandro G. "Pagmumulat ng mga Mata: Kamalayan sa Kamatayan." *Pagtatalo: Abadilla Versus Regalado*. Makinilyadong sipi na matatagpuan sa Aklatang UP–Diliman.
- . "Tula: Kaisahan ng Kalamnan at Kaanyuan." *Kritisismo: Mga Teorya at Antolohiya para sa Epektibong Pagtuturo ng Panitikan* ni Soledad S. Reyes, Anvil Publishing, Inc., 1992.
- . *Ako ang Daigdig at Iba pang mga Tula*. Silangan Publishing House, 1955.
- Abadilla, Bayani S. "Ang Artista sa Dinamismo ng Sikohistorya." *Filipinolohiya: Journal sa Filipino ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas*, tomo 2, blg. 1, 2013, mp. 1–11.
- . "Ang Kalayaan sa Sangandaan ng Panahon." *Gawad Surian sa Sanaysay, Gantimpalang Collantes, 1992–1998*, inedit ni Jesus E. Ferrer, Komisyon sa Wikang Filipino, 1998.
- . *Sigliwa Kamao*. Prometheus Publishing Corporation, 2006.
- Abueg, Efren R. "Alejandro G. Abadilla: Modernista ng Panulaang Tagalog." *Sa Bagwis ng Sining: Mga Nangaunang Manunulat ng Cavite*. Cavite Studies Center, 2005.
- . "Isang Sulyap kay Kapulong." *Pagkamulat ni Magdalena*, nobela nina Alejandro G. Abadilla at Elpidio P. Kapulong. Maynila: De La Salle UP, 1988.
- Agoncillo, Teodoro A. "Sit...Sat Si AGA." *Tanagabadilla* ni Alejandro G. Abadilla. Limbagang Pilipino, 1964.
- Almario, Virgilio S. "Ang Halimbawa ni Abadilla." *Balagtasismo Versus Modernismo*. Ateneo de Manila UP, 1984.
- Añonuevo, Rebecca T. "Pagtitig sa Di-nakikita: Ang Babae ay Wala sa mga Piling Tulang Erotika ni Abadilla." *Unitas*, tomo 80, blg. 3, 2007, mp. 327–333.
- Arcellana, Francisco. "Introduksiyon." *Piniling Mga Tula ni AGA* ni Alejandro G. Abadilla. Limbagang Pilipino, 1965.
- Bautista, Cirilo F. "Isang Pagpansin." *Pagkamulat ni Magdalena*, nobela nina Alejandro G. Abadilla at Elpidio P. Kapulong. De La Salle UP, 1988.
- Coroza, Michael M. "Ang Talinghaga ng Pagbabalik sa Sariling Dilim: Isang Muling Pagsulyap sa Poetika ni Alejandro G. Abadilla." *Unitas*, tomo 80, blg. 3, 2007, mp. 285–298.
- Del Mundo, Clodualdo. "Ako ang Daigdig: Tula nga Kaya?" Makinilyadong sipi na matatagpuan sa Aklatang UP–Diliman.
- . "Ang 'Ako ang Daigdig' ni Abadilla." *Mga Piling Sanaysay*, inedit ni Alejandro G. Abadilla. Inang Wika Publishing Co., 1950.
- Deville, Gary C. "Si Superman at si AGA: Pagdalumat sa Konsepto ng Ubermench ni Nietzsche sa Tulang Ako ang Daigdig at iba pang Modernong Tula." *Unitas*, tomo 80, blg. 3, 2007, mp. 315–326.
- Glorioso, Pablo R. "Si AGA sa Parnasang Tagalog." *Parnasang Tagalog ni A. G. Abadilla*, inedit ni Efren R. Abueg. MCS Enterprises, Inc., 1973.
- Hornedo, Florentino H. "Alejandro G. Abadilla: Ako ang Daigdig." *Unitas*, tomo 80, blg. 3, 2007, mp. 277–283.
- Lumbera, Bienvenido at Cynthia N. Lumbera. *Philippine Literature: A History and Anthology*. Anvil Publishing, Inc., 1997.
- Lumbera, Bienvenido. "Ang Bago sa Pagbabago: Paano Kinikilala ang Bago sa Panitikan, Kritisismo at Pagtuturo?" *Writing the Nation/Pag-akda ng Bansa*. University of the Philippines Press, 2000.
- Nadera, Victor Emmanuel Carmelo Jr. D. "Abadillismo: Ang Filipinisasyon ng Malayang Taludturan Bilang Rebelyon Noong Panahon ng Amerikano." *Unitas*, tomo 80, blg. 3, 2007, mp. 237–276.
- Nofuente, Valerio L. "Ang Konsepto ng Alyenasyon ng Makatang Pilipino sa Kanyang Lipunan: Isang Sosyo-Historikal na Pagsusuri kay Alejandro G. Abadilla." Ulat ng Ikatlong Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino/Mga Katutubong Konsepto at Pamamaraan sa Lipunang Pilipino: Implikasyon sa Edukasyon at Agham Panlipunan, 1978, Lungsod Quezon.
- . "Ang Buhay at Panahon ni Alejandro G. Abadilla." Dinalathalang pananaliksik na matatagpuan ang kopya sa Aklatan ng UP–Diliman, 1977.
- . "Ang Paghihimagsik ni Alejandro G. Abadilla sa Tradisyon ng Panulaang Tagalog." 1977. Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Tesis.
- Ordoñez, Rogelio L. "Panimulang Salita." *Sigliwa Kamao* ni Bayani S. Abadilla. Prometheus Publishing Corporation, 2006.
- Panganiban, Jose Villa. "Si Abadilla." *Piniling Mga Tula ni AGA* ni Alejandro G. Abadilla. Limbagang Pilipino, 1965.
- Regalado, Iñigo Ed. "Malungkot na Pagpatay sa Tulang Tagalog." *Pagtatalo: Abadilla Versus Regalado*. Makinilyadong sipi na matatagpuan sa Aklatang UP–Diliman.
- Ricarte, Pedro L. "Alejandro G. Abadilla." *Philippine Studies*, tomo 18, blg. 2, 1970, mp. 323–349.
- San Juan, E. Jr. "Memorabilia at Sipat sa Sining ni Alejandro G. Abadilla, Manlilikhang Mapanghimagsik." *Malay*, tomo 24, blg. 2, 2012, mp. 83–99.
- . "The World of Abadilla." *Piniling Mga Tula ni AGA* ni Alejandro G. Abadilla. Limbagang Pilipino, 1965.
- Tolentino, Rolando B. "Ako ang Daigdig: Modernismo at Malayang Taludturan." *Unitas*, tomo 80, blg. 3, 2007, mp. 299–314.

Villafuerte, Patrocinio V. "Ang Daigdig ng Tula, Ang Daigdig ng Makata at Ang Daigdig ng Kaakuhan ni Alejandro G. Abadilla sa "Ako Ang Daigdig at iba pang mga Tula." *Panunuring Pampanitikan: Mga Nagwagi sa Gawad Surian sa Sanaysay*, inedit ni Aurora E. Batnag, Surian ng Wikang Pambansa, 1984.